

# CALL FOR ENTRIES



Sa pagdiriwang ng ika-70 taong anibersaryo ng unang resolusyon ng UN General Assembly na itinatag sa layuning pag-aalis ng mga sandatang nuklear at ng lahat ng mga sandata ng malawakang pinsala, ang United Nations Office for Disarmament Affairs ay nalulugod na ilunsad ang UN Poster for Peace Contest.

Nilalayon ng paligsahan na itaguyod ang kamalayang kailangan mawala ang mga sandatang nuklear. Nais din nitong himukin ang mga mamamayan sa buong mundo na ipaalam ang kanilang mga saloobin at gamitin ang kanilang mga talento sa sining para sa isang daigdig na walang sandatang nuklear.

Simula: ika-24 ng Oktubre 2015  
Pagtatapos: ika-24 ng Enero 2016

I-upload ang mga lahok sa  
[www.unposterforpeace.org](http://www.unposterforpeace.org)

## PARA SA MGA KATANUNGAN

Mangyaring magpadala ng mga katanungan sa pamamagitan ng mga sumusunod:

E-mail: [unoda-web@un.org](mailto:unoda-web@un.org)

Fax: +1-917-367-0335

Para sa mga katanungan ng media: [buchanane@un.org](mailto:buchanane@un.org)



# TUNGKOL SA PALIGSAHAN

Mula ng pagtatag ng United Nations, layunin na nitong maalis ang lahat ng mga sandata ng malawakang pinsala, lalo na ang pinakanakamamatay at walang pinipili na mga sandatang nuklear. Halos 70 taong nakalipas, itinatag ng unang resolusyon ng UN General Assembly, na ipinasa noong ika-24 ng Enero 1946, ang layuning pag-alis ng lahat ng sandatang nuklear at iba pang mga sandata na "madaling i-angkop sa malawakang pinsala".

Ang mga sandatang nuklear ay nagbabanta pa rin ng katapusan ng mundo. Patuloy na itinataguyod ng Kalihim-Heneral ng United Nations ang kamalayan ng mundo sa mga panganib at pinsala na dulot ng mga sandatang nuklear at iba pang sandata ng malawakang pinsala.

Marami ang naniniwala na ang kapinsalaang pantao mula sa paggamit ng mga sandatang nuklear ay sapat na dahilan upang pawiin ang mga ito.

Sa pagdiriwang ng ika-70 taong anibersaryo ng pagpasa ng unang resolusyon ng UN General Assembly, inilunsad ng United Nations Office for Disarmament Affairs ang UN Poster for Peace Contest. Nilalayan ng paligsahan na itaguyod ang kamalayang kailangan mawala ang mga sandatang nuklear, at ipaalam ang pagsisikap ng United Nations para maalis ang mga sandatang ito. Nais din nitong himukin ang mga mamamayan sa buong mundo na ipaalam ang kanilang mga saloobin at gamitin ang kanilang mga talento sa sining para sa isang daigdig na walang sandatang nuklear.

## MGA PATAKARAN

### Sponsor

Ang sponsor ng UN Poster for Peace Contest ay ang United Nations Office for Disarmament Affairs.

### Panahon ng Paligsahan

Ang paligsahan ay mula sa ika-24 ng Oktubre 2015 hanggang sa ika-24 ng Enero 2016.

### Laki at Uri ng File

Hanggang 10 MB lamang ang maaaring tanggapin na laki ng bawat file, at ang mga uri nito na maaaring ilahok ay JPEG, PNG o PDF lamang.

### Sino ang Maaaring Lumahok

Sinuman ng anumang edad at nasyonalidad ay maaaring lumahok sa paligsahan. Ang mga batang may edad na mas mababa sa 13 ay kailangan ng pahintulot at tulong ng kanilang mga magulang (o ng isang legal na tagapag-alaga) sa kanilang paglahok.

### Mga Detalye

Orihinal na gawa lamang ang maaring ilahok. Ito dapat ay may sukat na 60 x 90 sentimetro (2 x 3 talampakan) kapag itinanghal.

Ang mga lahok ay dapat dalawang dimensiyon gamit ang mga tradisyonal na pamamaraan (pen, lapis, krayola, uling, langis na pintura, acrylic na pintura, watercolor, atbp.) o mga modernong digital na proseso ng paglalarawan.

Dahil lahat ng gawang sining ay dapat orihinal, walang tatanggaping lahok na ang kabuuan o bahagi ay maiituturing na imaheng kinopya lamang o hinango sa gawa ng iba.

I-upload sa [www.unposterforpeace.org](http://www.unposterforpeace.org) ang mga lahok.

### Paghahatol

Lahat ng mga lahok ay hahatulan gamit ang parehong pamantayan: pagkamalikhain, komposisyon, mga tema at kapamaraan (technique). Ang mga mananalayo ay ihahayag sa ika-5 ng Marso 2016.

### Premyo

May tatlong mga mananalayo. Unang premyo ay USD 3,000. Pangalawang premyo ay USD 2,000. Pangatlong premyo ay USD 1,000.

### Karapatang-ari

Ang mga lalahok ay sumasang-ayon na ang UN ay magmamay-ari ng lahat ng karapatang-kopya ng mga materyales na inilahok. Tanging mga larawan ng mga likhang sining ang maaaring ilahok sa website ng paligsahan at hindi maaaring naglalaman ng mga photographic images na pag-aari ng lalahok o ng ibang mga tao.

### Mga Kundisyon

Hindi magiging responsable ang UN sa anumang pagkawala o pinsala na maaaring mangyari sa paglahok sa paligsahang ito at may karapatang ang UN na baguhin ang mga patakaran ng paligsahan nang walang paunang abiso.

